



Republika ng Pilipinas

KAGAWARAN NG INTERYOR AT LOKAL NA PAMAHALAAN

DILG-NAPOLCOM Center, EDSA corner Quezon Avenue, West Triangle, Quezon City

http://www.dilg.gov.ph



PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2019

Memorandum Sirkular Bilang 2019-111

July 16, 2019

1.0 Sanligan

- 1.1 Alinsunod sa itinakda ng Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 1041, s. 1997, na nagpapahayag ng taunang Buwan ng Wikang Pambansa tuwing 1-31 ng Agosto na pinangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Ang tema sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa sa taong ito ay "Wikang Katutubo: Tungo sa Isang Filipino".
- 1.2 Bilang tugon sa proklamasyon ng UNESCO na International Year of Indigenous Languages (Pandaigdigang Taon ng mga Katutubong Wika) ang taong 2019, pinagtibay ng KWF ang Kapasyahan ng Kapuluan Blg. 18-31 na naglalayon na ilaan ang Buwan ng Wika sa Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi para sa katutubong wika sa bansa.

Hinati sa apat (4) na lingguhang tema ang isang buwang pagdiriwang:

Petsa	Tema
5-9 Agosto	Ako at ang Katutubong Wika Ko
12-16 Agosto	Pagbasa at Paglaya: Pagpapalusog ng mga Katutubong Panitikan at Kaalamang-bayan
19-23 Agosto	Sarikultura: Multilinggwalismo at Pag-uugnayan para sa Isang Bansang Filipino
26-30 Agosto	Pangangalaga sa mga Katutubong Wika, Pangangalaga sa Bansang Wika

2.0 Layunin

2.1 Layunin ng Buwan ng Wika 2019 ang mga sumusunod:

- 2.1.1 Maiangat ang kamalayan ng mga mamayang Filipino ukol sa halaga ng multilinggwalismo sa paglikha ng isang bansang Filipino na may pagkakaunawaan;
- 2.1.2 Mahikayat ang mga mamayang Filipino, lalo ang mga may-ari ng katutubong wika, na magsagawa ng mga gawaing pangwika;
- 2.1.3 Mahikayat ang mga mamayang Filipino na magpatupad ng mga malikhaing programang pangwika na makatugon sa pangangailangan ng kanilang komunidad; at
- 2.1.4 Mapangalagaan ang mga karapatang pangwika ng mga mamamayan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga patakarang laban sa diskriminasyong pangwika.

3.0 Saklaw

Lahat ng Punong Lalawigan, Punong Lungsod, Punong Bayan, Punong Barangay, Punong Panrehiyon ng BARMM, Direktor Panrehiyon ng DILG at iba pang kinauukulan

4.0 Alituntunin at Patakaran

4.1 Ang lahat ng Punong Lalawigan, Punong Panlungsod, Punong Bayan at Punong Barangay ay inaatasan na:

4.1.1 Ganap na ipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;

4.1.2 Makiisa sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa para maitaas ang kamalayang pangwika at sibiko;

4.1.3 Magsagawa ng mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa upang maganyak ang mga mamamayang Filipino na aktibong makilahok sa pagdiriwang at pahalagahan ang wikang pambansa; at

4.2 Ang mga Direktor Panrehiyon ng DILG at Punong Panrehiyon ng ARMM ay inaatasan rin na dagliang ipalaganap ang direktibang ito sa kani-kanilang nasasakupan.

4.3 Gawing patnubay para sa mga programang pangwika ang mga sumusunod:

LINGGO AT TEMA	Antas at ng mga Gawain
	MGA INSTITUSYONG KONSTITUSYUNAL, MGA KAGAWARAN AT AHENSIYA SA PAMAHALAANG PAMBANSA AT LOKAL, MGA KORPORASYONG PAG-AARI AT KONTROLADO NG PAMAHALAAN, AT PAMAHALAANG PAMANTASAN AT KOLEHIYO
5-9 Agosto 2019 Ako at ang Katutubong Wika Ko	<ul style="list-style-type: none">• Pagbibigay ng mga pagsaalang-alang pangwika (linguistic consideration) para sa mga serbisyong frontline at/o programa• Pagtaas ng Watawat bilang hudyat ng pagbubukas ng Buwan ng Wika• Pagpapaskil ng ahensiya ng tarpolin o poster para sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika
12-16 Agosto 2019	<ul style="list-style-type: none">• Pagbibigay ng mga grant at/o gawad para sa mga programa para sa mga katutubong wika• Pagdaraos ng mga eksibit ng mga salita o katawagan mula sa iba't ibang katutubong wika sa bansa
19-23 Agosto 2019	<ul style="list-style-type: none">• Linguistic Mapping• Pagsasalin ng mahahalagang dokumentong pampubliko sa wikang Filipino at sa mga wikang katutubo• Pagsusuot ng iba't ibang katutubong kasuotan ng mga Filipino
26-30 Agosto 2019	<ul style="list-style-type: none">• Lobbying at pagpapatibay ng mga patakarang pangwika para sa pangangalaga at pagpapasigla ng mga katutubong wika ng bayan o lalawigan

5.0 Sanggunian

5.1 Liham mula kay Bb. Anna Katarina B. Rodriguez, Director Heneral

5.2 Pampanguluhang Proklamasyon 1041, petsa Hulyo 15, 1997

6.0 Bisa ng Memorandum Sirkular

Ang Memorandum Sirkular na ito ay kaagad ipapatupad.

7.0 Pagsang-ayon ng Awtoridad


EDUARDO M. AÑO
Pinuno sa Katungkulan

